
Nobyembre 2024 Issue blg. 2024-2

# DATOS






# Impormalisasyon ng paggawa

## Mga isyu at hamon sa manggagawa

# Nilalaman


**Mensahe mula sa Tagapangulo ng Lupon** **3**

**Hinggil sa Malaproletaryado at Impormal na Sektor** 4

**Mga Likhang Sining** **7**

**Impormal na Paggawa sa Pilipinas:** Mga Isyu, Hamon, at Oportunidad 8

**Mga Karapatan ng mga Manggagawa sa Digital Platform Economy** **12**



**PATNUGUTAN**
DATOS November 2024 issue

**EILER BOARD OF TRUSTEES**

**Renan Ortiz**
Chairperson
**Rev. Irma Mepico**
Vice Chairperson
**Emily Barrey**
Secretary
**Romeo De Jesus**
Treasurer

**Prof. Rimando Felicia**
**Dr. Nancy Kimuell-Gabriel**
**Fr. Wilfredo Dulay, MDJ**
**Paul Quintos**
**Joselito Ustarez**
Members

**Rochelle Porras**
Editor

**Enrique Navera**
Issue Associate Editor

**Iggy Sandrino**
Issue Layout Artist

**Gene Rodriguez**
**Anjelika Marquez**
**Mark Darwin Santos**
**Chester Val Garcia**
Issue Contributors


Cover photo:
"Sari-sari"
Larawan mula sa pananaliksik ng EILER sa isang komunidad sa Baclaran. (Rochelle Porras)

Ang DATOS sa mga pagkilos ng mga manggagawa ay inilathala ng EILER simula July 1981 bilang tulong babasahin sa mga pag-aaral, talakayan at pagsasanay ng mga manggagaw.

Ang Ecumenical Institute for Labor Education and Research (EILER) ay isang non-stock, non-profit, ekumenikal na institusyon para sa pananaliksik at edukasyong pang-manggagawa.

Nakikipagtulungan ang EILER sa mga unyon, organisasyon at iba pang pang-manggagawang institusyon sa pagpapalaganap ng gawaing edukasyon at pagsasanay para sa mga manggagawa.

Sa ganitong diwa ay nais ipabatid ng EILER na maaaring gamitin ang nilalaman ng DATOS kahit walang pahintulot, basta't kilalanin lamang ang pinagkunan. Inaanyayahan ang lahat ng mambabasa at manggagawa na magpadala ng komentaryo at kontribusyon sa DATOS, para rin sa pagpapaunlad nito.


Topaz Building, 99-101 Kamias Road
Barangay Malaya, Quezon City
datos@eiler.ph
www.eiler.ph

# Mensahe mula sa Tagapangulo ng Lupon

Mainit na pagbati sa mga kasama sa paggawa!

Magtatapos na ang taong 2024. Ang darating na 2025, tila di magpapapigil sa mga hamon kakaharapin natin.

Muling nagbalik sa pagkapangulo ng Estados Unidos si Donald Trump. Bagkus ibang ulo lamang ito sa halimaw ng imperyalismo, walang takot at tahasan ang kontra-manggagawang tindig ni Trump ukol sa unyonismo at sa kilusang paggawa, base sa nauna niyang termino noong 2017 – 2021.

Samantala, ilang buwan na lamang at eleksyon na din sa Pilipinas. Sa darating na Mayo 2025, tila wala tayog nakikitang tunay at ganap na kakatawan sa kahilingan ng mga manggagawa, liban sa koalisyong  Makabayan. Nangako nga si Bongbong Marcos noong nangampaya siya 2022 na dapat ay maisulong ang dagdag sahod. Pero mag tatapos na ang 2024, 40 pesos kakarampot na umento lamang ang pinatikim sa taumbayan ng anak ng diktador.

Sa isyung ito ng DATOS, tatalakayin ang iba't ibang mukha ng impormal na paggawa o informal labor. Mahalaga ang pagtalakay sa kalagayan ng mga manggagawa sa impormal na sektor sa aspeto ng antas ng pagsamantala. Masaklap na nga ang sinasapit ng mga manggagawa sa pabrika kung saan kinikilala, sa batas at kasaysayan, ang relasyon sa pagitan ng manggagawa at kapitalista, paano pa sa mga courier at riders, mga kasambahay, maralitang magsasaka, karpintero, construction worker, tsuper, at iba pa?

Kung kakarampot ang sinasahod ng mga nasa "pormal" na sector, paano pa ang mga kababaihan, kabataan, at iba pang bulnerableng sector sa ilalim ng "impormal" na paggawa? Kung pawis, dugo, at buhay ang madalas na kapalit sap ag-uunyon mula sa "pormal" nasektor, ano pa kaya ang sasapitin ng mga kasama nating mga maininda, riders, kargador, at barker, sa panahong makapag-organisa sila ng sariling unyon na titiyak sa kanilang makataong sahod at karapatan?

Sama sama nating alamin ano na ang kasalukuyang kalagayan ng mga kasamahan nating mala-mangagwa't malaproletaryado.

Sama-sama nating alamin anu-anong pormasyon o pagbubuklod ng uring manggagawa, pormal man o impormal, na sinusulong ng  kilusang paggawa.

Basa, at pagkatapos, ay sama-samang magtalakayan, mga kasama!



# Hinggil sa Malaproletaryado at Impormal na Sektor

Larawan mula sa Altermidya

Ayon sa International Labor Organization (ILO, n.d.), ang impormal na ekonomiya o sektor ay sumasaklaw sa lahat ng aktibidad pang-ekonomiya ng mga manggagawa at yunit pang-ekonomiya na – sa praktika at sa batas – hindi saklaw ng mga pormal na kaayusan (formal arrangements). Umiiral ang impormalisasyon sa konteksto ng laganap na kawalan ng trabaho, underemployment, kahirapan, gender inequality, at di-ligtas na paggawa.

Sa huling tala ng Philippine Statistics Authority (PSA, 2024), mayroong 16.7 milyong Pilipino na bahagi ng impormal na sektor o 35% ng kabuuang dami ng may trabaho sa bansa. Ginagamit ng PSA ang bilang ng 1) self-employed at 2) unpaid family workers bilang proxy sa pagtukoy ng dami ng mga Pilipinong nasa impormal na sektor. Sa ganitong gana, ang tala ng pamahalaan ay kapos. Halimbawa, hindi sinasaklaw ng bilang ang mga kasambahay na nasa katulad na bulnerableng kalagayan o mga empleyado sa empresa na tumatanggap ng mababang sahod, di-permanente ang empleyo, at walang access sa panlipunang proteksyon.

Ang tiyak o halos tiyak na dami ng mga manggagawang nakapaloob sa impormal na sektor ay hindi tukoy kahit pa ng pamahalaan. Kabilang sa mga sanhi nito ang maluwang na depinisyon ng naturang termino at kakulangan sa panlipunang pagsisiyasat. Gayunman, ang malinaw ay signipikante ang dami nila at patuloy pang dumarami. Minamarapat ng lumalaganap na impormalisasyon ang pag-alam sa mga demokratikong kahilingan ng mga nakapaloob sa sektor na ito, ugat ng kanilang pag-usbong at pag-iral, at direksyon na tatahakin ng kanilang kampanya para sa kanilang mga karapatan. Mula rito, isang angkop na lapit sa usapin ng impormal na sektor ang pagtalakay sa malaproletaryado.

Sa lipunang nahahati sa mga panlipunang uri, mainam na maisalang ang konseptong ‘impormal na sektor/ekonomiya’ sa maka-uring pagsusuri. Natutukoy ang uri batay, pangunahin, sa relasyon ng isang indibidwal sa produksyon.

> *“Sa Pilipinas, ang malaking bilang ng malaproletaryado ay inianak ng atrasadong agrikultura sa kanayunan at kawalan ng pambansang industriyalisasyon, saligang mga katangian ng isang lipunang malakolonyal at malapyudal.”*

Ang proletaryado, halimbawa, ay direktang nakikibahagi sa produksyong kapitalista ngunit walang pagmamay-aring kagamitan bukod sa kanyang lakas-paggawa. Sa kabilang panig, malaproletaryado ang mga indibidwal na nagbebenta ng bahagi ng kanilang lakas paggawa o nagbebenta nito sa di-kapitalistang employer (Verzola, 2022). Sa ganitong gana, ang proletaryado at malaproletaryado ay nagtatagpo

sa katangian na kapwa sila nagbebenta ng lakas-paggawa. Gayunman, napag-iiba ang dalawa sa katangian na ang una ay lumalahok sa produksyong kapitalista at ang huli ay hindi. Dagdag pa, di tulad ng proletaryado, ang iba sa malaproletaryado ay may kakarampot na kagamitan sa produksyon ngunit napipilitang magbenta ng lakas-paggawa bunga ng kakulangan ng kita.

Tinukoy nina Marx at Engels ang ilang mga dahilan ng kumplikadong pag-uuri sa ilalim ng kapitalismo: 1) mahabang panahon at kumplikadong transisyon mula pyudalismo tungong kapitalismo, 2) di-pantay na pag-unlad ng modernong industriya, at 3) umuulit na kapitalistang krisis na nagbubunga ng laganap na kawalan ng trabaho (Verzola, 2022).

Sing-aga ng kapanahunan nina Marx at Engels, kinilala na nila ang pag-iral ng malaproletaryado, bagamat sa ibang katawagan. Sa kalagayang malawak ang kawalan ng trabaho, ang tinukoy ng dalawang teoretista na balon ng reserbang paggawa (reserve army of labor) ang mukha ng kasalukuyang malaproletaryado (Velasco, 2023; Verzola, 2022).

Sa Pilipinas, ang malaking bilang ng malaproletaryado ay inianak ng atrasadong agrikultura sa kanayunan at kawalan ng pambansang industriyalisasyon, saligang mga katangian ng isang lipunang malakolonyal at malapyudal.

Sa kanayunan, kabilang sa hanay ng malaproletaryadong rural ang mga maralita at malamay-aring magsasaka. Wala o halos wala silang lupa at kagamitan sa pagsasaka kaya naman sila ay nagbabayad ng renta upang may matamnan. Karaniwan din silang nagsasaka bilang pamilya (tinatawag sa mga opisyal na tala bilang “unpaid family workers”). Kalakhan sa kanila ay napipilitang magbenta ng kanilang lakas-paggawa upang punan ang kakulangan sa kita (Guerrero, 1971).

Sa kabilang panig, ang mga malaproletaryadong urban ay kinapapalooban ng mga karpintero, mason, tubero, electrician, jeepney at tricycle driver, mangungumpuni, may-ari at maninininda sa maliliit na tindahan (e.g. sari-sari store), at kargador. Marami sa mga nabanggit ay tinatala ng pamahalaan bilang “self-employed.” Para sa mga nagtatrabaho sa maliliit na negosyo na kanilang pamilya, marami sa kanila ang hindi tumatanggap ng sahod (“unpaid family workers”). Signipikante rin ang dami ng mga malaproletaryadong konsentrado bilang mga maralitang lunsod (Velasco, 2023). Komun sa mga nabanggit ang di-permanenteng katangian ng kanilang hanapbuhay sa harap ng laganap na kawalan ng trabaho at mga industriyang inaasahang sasalo sa kanila.

Ang ganitong katangian ng malaproletaryado sa bansa ay kawangis ng sa Tsina bago ang tagumpay ng sosyalismo roon at sa Rusya sa pagsasara ng ika-labingsiyam na siglo.

Sa pagsusuri ni Mao (1956) sa mga panlipunang uri noong pyudal na Tsina, binalangkas niya ang malaproletaryadong Tsino sa limang kategorya: 1) mayorya ng mga malamay-aring pesante, 2) maralitang magsasaka, 3) maliit na mga tagayaring-kamay, 4) empleyado sa mga tindahan, at 5) maliit na maninininda.

Sa paglalarawan ni Lenin (1964) sa pag-unlad ng kapitalismo sa Rusya, ang malaproletaryado at proletaryado sa populasyon ng mga pesante ay siyang mga walang kagamitan sa produksyon at nakaasa ang kabuhayan tangi o bahagi sa pagbebenta ng kanilang lakas paggawa. Kabilang sa mga ito ang mga  maralitang magsasaka at tagayaring-kamay.

Sa paglipana ng kaayusang impormal na empleyo, kasama ng ‘casual employment’ at ‘work outsourcing’, pinalalabo ng mga ito ang paghahati sa pagitan ng mga balon ng aktibong paggawa (active army of labor) at balon ng reserbang paggawa (reserve army of labor). Mula sa paghahati sa pagitan ng mga buong panahong nagtatrabaho (full-time) sa hindi bilang batayan kung sino ang nakapaloob sa ‘aktibo’

*"Ang pag-alam sa lawak at pagkakakilanlan ng impormal na sektor ay mahalagang instrumento upang paunlarin ang kanilang kalagayan sa pamamagitan ng mga polisiyang kagyat na tutugon sa kanilang mga pangangailangan."*

at 'reserbang hukbo', nahahati na ito sa pagitan ng pormal at impormal kung saan ang kawalang trabaho ay lumalaganap na sa buong pwersa ng paggawa (Yeros, 2023, hinalaw mula kay Patnaik, 2015). Buhat nito, nagiging tabing ang konseptong ito sa masalimuot na kalagayan ng kawalan ng trabaho sa isang atrasadong ekonomiya tulad ng Pilipinas.

Gayunman, may pakibanabang ang konsepto ng 'impormal na sektor' upang patampukin ang bulnerabilidad ng isang signipikanteng bloke ng pwersa ng paggawa. Hindi maaalis sa pagpapakahulugan nito ang mga salik na nagpasibol at nagpapairal sa 'sektor' na ito: mababang sahod o kawalan ng kompensasyon (e.g. unpaid family workers), walang seguridad sa empleyo, di-ligtas na kondisyon sa paggawa, diskriminasyong pangkasarian, kawalang access sa mga benepisyong panlipunan, at iba pa.

Ang pag-alam sa lawak at pagkakakilanlan ng impormal na sektor ay mahalagang instrumento upang paunlarin ang kanilang kalagayan sa pamamagitan ng mga polisiyang kagyat na tutugon sa kanilang mga pangangailangan. Kabilang rito ang pagtaas sa sahod sa nakabubuhay na antas, pagpapalawak sa saklaw ng mga panlipunang proteksyon, proteksyon sa mga maliliit na moda ng transportasyon, pagbibigay suporta sa mga maliliit na negosyo, at iba pa.

Sa kabilang panig, ang pagsusuri sa sektor na ito sa lenteng makauri ay nagtutulak sa atin na tanawin ang mas malalim na ugat ng kanilang pag-iral. Ang pagpapanatili sa malaproletaryado bilang reserbang hukbo ay kapwa binunga at sangkap ng kapitalistang akumulasyon. Ito ay bahagi ng kapital na laging handang maging kasangkapan sa higit pang pagpapalaki ng kapital (Marx, 1887). Kaya naman ang pagpawi sa busabos na kalagayan nila ay magmumula sa komprehensibong pagbabago sa sistemang pang-ekonomiyang umiiral. Tunguhin ang rekonsentrasyon ng mga kagamitan sa produksyon mula sa iilang kapitalista at empresa tungo sa malawak na hanay ng mamamayan. Pangunahin sa mga hakbang upang makamit ito ang pagpapamahagi ng lupa sa mga maralitang magsasaka kasabay ang pagpapasigla sa naghihingalong agrikultura, at pagtatayo ng mga pambansang industriya na sasalo sa laksa-laksang hukbo ng paggawa.

**Mga sanggunian**


Guerrero, A. (1971). Philippine Society and Revolution. Pulang Tala Publications.

International Labor Organization. (n.d.). Informal economy. Retrieved: https://www.ilo.org/projects-and-partnerships/projects/partnership-improving-prospects-forcibly-displaced-persons-and-host/themes/informal-economy.

Lenin, V.I. (1964). Collected Works, Volume III, The Development of Capitalism in Russia. (4th ed.). Progress Publishers.

Mao, T. (1956). Analysis of the Classes in Chinese Society. Foreign Language Press.


Marx, K. (1887). Capital, Volume I. 1st English ed. Progress Publishers.

Philippine Statistics Authority. (2024, September 6). Unemployment Rate in July 2024 was Estimated at 4.7 Percent. Retrieved: https://psa.gov.ph/statistics/labor-force-survey/node/1684065024.

Velasco, B. (2023). Using Marx to Understand the Working Class in the Philippines. Philippine Journal of Public Policy: Interdisciplinary Development Perspectives, pp. 1–33. Retrieved: https://cids.up.edu.ph/using-marx-to-understand-the-working-class-in-the-philippines/.

Verzola, P. (2022, October 18). On the Filipino Semi-Proletariat and the 'Informal Sector'. Retrieved: https://www.iraia.net/wp-content/uploads/2023/12/Verzola-On.the_.semiproletariat.and_.informal.sector-2022.pdf.

Yeros, P. (2023). Generalized Semiproletarianization in Africa. The Indian economic journal: the quarterly journal of the Indian Economic Association. 71. pp. 162-186. 10.1177/00194662221146639.




Guhit ni Renan Ortiz



# Impormal na Paggawa sa Pilipinas:

## Mga Isyu, Hamon, at Oportunidad

Larawan mula sa Mayday Multimedia

Sa Pilipinas, malaking bahagi ng lakas-paggawa ang nakikibahagi sa mga aktibidad ng impormal na sektor, tulad ng pagtitinda sa kalye, pagiging kasambahay, at maliliit na produksyon at distribusyon ng mga kalakal at serbisyo, kabilang na ang mga jeepney driver na mahalaga sa pampublikong transportasyon, pati na rin ang mga karinderya, talyer, barker, at iba pang maliit na negosyo na umaasa sa mga trabahong isinasagawa sa lansangan. Ang patuloy na pagtaas ng bilang ng sektor sa impormal na paggawa ay nauugnay sa mga isyung pang-ekonomiya tulad ng kawalan ng maayos na trabaho, ‘di nakabubuhay na sahod, at paglabag sa karapatan ng manggagawa. Bilang resulta, maraming mga manggagawa ang nakakaranas ng kahirapan at kawalan ng seguridad sa trabaho, na may limitadong akses sa mga proteksyon at karapatan sa lipunan.

### Pagsusuri sa Kawalan ng Pamantayang Depinisyon para sa Impormal na Paggawa

Ang impormal na paggawa ay tumutukoy sa trabaho na kulang sa pormal na pagkilala sa karapatan at proteksyon. Gayunpaman, ang kawalan ng pamantayan na kahulugan sa Pilipinas at sa iba’t ibang panig ng mundo ay nakakaapekto sa pagresolba sa mga isyu at problema ng impormal na sektor. Ang International Labour Organization (ILO) ay nagbigay ng pangkalahatang kahulugan at patnubay, ngunit madalas na inaangkop ng bawat bansa sa kanilang sariling konteksto at kondisyon ng ekonomiya, na nagreresulta sa pagkakaiba-iba ng kahulugan at kalagayan ng impormal na paggawa. Dahil sa kawalan ng malinaw na kahulugan, naging mahirap unawain ang lawak at istruktura ng impormal na paggawa, na nagbabago sa iba’t ibang konteksto ng bawat bansa. Ang huling pagsasagawa ng Informal Sector Survey ng Philippine Statistic Authority (PSA) ay noong 2008, at mula noon, gumagamit na lamang ang PSA ng proxy para sukatin ang dami ng mga nasa impormal na sektor. Ang kawalan ng masusing datos ay nagpapalala sa problema ng pag-unawa sa kalagayan ng mga manggagawa sa impormal na sektor, at nagpapahirap sa pagbuo ng epektibo at maayos na mga polisiya para sa pag-unlad ng kanilang kondisyon.

Bilang resulta, maraming manggagawa sa impormal na sektor ang walang sapat na pagkilala at proteksyon sa balangkas ng batas, kaya’t nalilimitahan ang pagtamo ng kanilang batayang karapatan at proteksyon sa lipunan. Ang kawalan ng kalinawan ay humahadlang sa mga pagsisikap para ugatin, at lutasin nang maayos ang kalagayan at kondisyon ng impormal na paggawa, tugunan ang kakulangan sa disenteng trabaho, at itaguyod ang panlipunang proteksyon at benepisyo (Daza, 2005; International Labour Organization, 2002).

### Kasalukuyang Kalagayan ng Impormal na Paggawa sa Pilipinas

Umaabot na sa 116 milyon ang kasalukuyang populasyon ng bansa. Ang paglaki ng populasyon ay nagpapataas ng bilang ng lakas paggawa na maaaring magresulta sa matinding krisis sa trabaho, lalo na sa kalunsuran na maaaring hindi makasabay ang nalilikhang trabaho sa pagdami

ng bilang ng manggagawa. Maraming indibidwal ang maaaring mapunta sa mga trabahong hindi lubos na nagagamit ang kanilang mga kasanayan o nagbibigay ng sapat na kita, madalas sa impormal na sektor na may mababang sahod, walang benepisyo at kakulangan sa proteksyon.

Ang mga manggagawa sa impormal na sektor ay nahaharap sa kahirapan at limitadong oportunidad para sa pag-

> *"Ang mga MSME, tulad ng mga sari-sari store, ay nahaharap sa mga hamon tulad ng kakulangan sa akses sa pautang, mataas na interes, at limitadong panlipunang proteksyon..."*

angat ng antas ng pamumuhay. Ang mga pangunahing isyu na kinakaharap ng mga manggagawa sa impormal na sektor ay ang mahirap at mapanganib na kondisyon sa paggawa, mababang sahod, at kakulangan sa proteksyon ng batas. Ang kanilang kawalan ng akses sa mga benepisyo at proteksyon ay nagpapalala sa pagiging bulnerable sa mga krisis gaya ng pandemya (Cabegin, 2023). Ang patuloy na pagtaas ng bilang ng manggagawa sa impormal na sektor ay isang isyu na nakakaapekto sa kapakanan ng manggagawang Pilipino na konektado sa lumalalang krisis sa sosyo-ekonomiko at pampulitikang kalagayan ng bansa.

**Ang MSMEs bilang bahagi ng Impormal na Sektor sa Pilipinas**

Sa Pilipinas, mahalaga ang papel ng mga micro, small, at medium enterprises (MSMEs) sa ekonomiya, lalo na sa impormal na sektor. Ayon sa Department of Trade and Industry noong 2022, ang MSMEs ay bumubuo ng halos 99.59% ng lahat ng negosyo sa bansa, kung saan ang mga micro enterprises lamang ay umabot sa 90.49%. Karamihan sa mga MSME ay nasa mga sektor ng Wholesale and Retail Trade, Accommodation and Food Service Activities, at Manufacturing. Gayunpaman, tinatayang 80% ng mga micro enterprises ay bahagi ng impormal na sektor, na naglilimita sa kanilang akses sa panlipunang proteksyon at iba pang mahahalagang serbisyo (Business World, 2024). Ang mga sari-sari store owner/tindera, na tinatayang umaabot sa 1.3 milyon ay isang halimbawa ng mga MSME na nagsisilbing pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan ng maraming Pilipino (Asian Preparedness Partnership, n.d.).

Ang mga MSME, tulad ng mga sari-sari store, ay nahaharap sa mga hamon tulad ng kakulangan sa akses sa pautang, mataas na interes, at limitadong panlipunang proteksyon (SSS, PhilHealth, at Pag-IBIG), na pinalala pa ng pandemyang COVID-19. Ayon sa Magna Carta para sa MSMEs (Republic Act No. 9501), inuutusan ang mga bangko na maglaan ng hindi bababa sa 10% ng kanilang credit portfolios sa mga MSME at hinihikayat ang mga LGU na gawing mas madali ang proseso ng pagpaparehistro ng negosyo. Sa ilalim naman ng Republic Act No. 9178, ang mga BMBE na may kabuuang assets na hindi lalampas sa ₱3,000,000 ay exempted mula sa minimum wage law, ngunit ang mga empleyado nito ay may karapatang tumanggap ng mga benepisyo mula sa SSS at PhilHealth. Sa Quezon City Government, ang programang Pangkabuhayang QC ay nagbigay ng PHP20,000 panimulang kapital at mga pagsasanay sa pamamahala ng negosyo upang tulungan ang mga sari-sari store, lalo na ang mga walang akses sa tradisyonal na mga pautang (Lu, 2024). Ang LGU at pambansang pamahalaan ay mahalagang papel sa pagtugon sa mga natatanging hamon na kinakaharap ng mga manggagawang impormal, tinitiyak

na natatanggap nila ang kinakailangang suporta upang umunlad at pagtamo sa panlipunang proteksyon, serbisyo at benepisyo.

**Kalagayan at kondisyon ng Impormal na Paggawa sa Asya**

Ayon sa ILO (2024), ang India ay nagtala ng mataas na antas ng impormalisasyon na umaabot sa 82% kung saan may higit na mababang kalidad ng paggawa sa mga estado ng Bihar at Uttar Pradesh. Kabilang dito ang mga domestic worker, home-based worker, street vendor, waste picker, construction worker, at impormal na transport worker.

> *"Kailangan ng interbensyon ng pamahalaan upang matugunan ang mga isyung ito, ang pamahalaan ay dapat gumawa ng komprehensibong batas paggawa, palawakin ang mga programa sa panlipunang proteksyon, at lumikha ng mga pormal na trabaho."*

Sa Indonesia, halos 59% ng mga manggagawa ay nasa impormal na sektor, partikular na sa mga rural na lugar kung saan namamayani ang agrikultura at konstruksiyon (Siahaan, 2024). Kabilang dito ang mga small-scale farmers, street vendors, at small boat fishermen (Cuevas et al., 2009).

Sa Thailand, halos 53.3% ng mga manggagawa ay nasa impormal na sektor, kung saan ang kalakhan ay nagtatrabaho sa sektor ng agrikultura (rubber at fruit plantations, rice farms, at coastal fishery (Bangkok Post, 2023). Kabilang rito mga trabahador sa restaurant, mga nagtitinda sa kalye, mga tagapulot ng basura at nagre-recycle, massage worker, public motorcycle rider at cab taxi drivers, at domestic workers (Kongtip et al., 2015).

Sa Pakistan, halos 84.3% ng manggagawa ay nasa impormal na sektor, kabilang ang small-scale agriculture, retail shops, street vendors, domestic workers, at iba't ibang small enterprises. Bukod pa rito, ang mga refugee mula Afghanistan ay isa sa mga bulnerableng grupo sa Pakistan dahil nagtatrabaho sa konstruksyon, tulad ng mason at karpintero, na walang pormal na kontrata at benepisyo (International Labour Organization, 2024a).

**Konklusyon at mga rekomendasyon**

Bagamat may pagkakaiba-iba sa uri ng mga trabaho at porsyento ng impormal na sektor sa bawat bansa, may ilang magkaparehong hamon na kinakaharap ang mga ito: kawalan ng panlipunang proteksyon at seguridad sa trabaho, na nagreresulta sa mababang sahod, mahahabang oras ng pagtatrabaho, at mapanganib na kondisyon sa paggawa. Dahil sa kawalan ng pormal na kontrata, ang mga manggagawang impormal ay hindi sakop ng mga batas sa paggawa na nagbibigay ng proteksyon sa mga manggagawa, tulad ng minimum na sahod, mga benepisyo sa kalusugan, at seguridad sa trabaho.

Kailangan ng interbensyon ng pamahalaan upang matugunan ang mga isyung ito, ang pamahalaan ay dapat gumawa ng komprehensibong batas paggawa, palawakin ang mga programa sa panlipunang proteksyon, at lumikha ng mga pormal na trabaho. Ang pagtutulak ng industriyalisasyon at reporma sa lupa ay maaaring maging epektibong solusyon sa impormalisasyon sa mga di-industriyalisadong bansa, lalo na sa mga bansa sa Timog Asya kung saan laganap ang impormal na sektor sa agrikultura. Ang industriyalisasyon ay maaaring lumikha ng mas maraming trabaho sa pormal na sektor, habang ang reporma sa lupa ay magbibigay ng seguridad sa pag-aari sa lupa ng mga magsasaka at kontrol sa kanilang produksyon.

Ipinapakita ng paghahambing na ito ang pangangailangan para sa mas malawak at inklusibong reporma sa paggawa sa buong Asya na tumutugon sa mga kahinaan at kahirapan ng mga manggagawang impormal sa parehong urban at rural na lugar, upang matiyak ang mas patas, maayos, at ligtas na paggawa.

Larawan mula sa Mayday Multimedia



**Mga sanggunian**

Asian Preparedness Partnership. (n.d.). Never too Small for hope- part I (Sari-sari store). https://app.adpc.net/news/never-too-small-for-hope-part-i-sari-sari-store/

Bangkok Post. (2023, December 19). Over half of Thai workers in informal sector. https://www.bangkokpost.com/thailand/general/2708701/over-half-of-thai-workers-in-informal-sector

Business World. (2024). Funding still a problem for small PHL businesses - BusinessWorld Online. https://www.bworldonline.com/bw-launchpad/2024/10/02/625138/funding-still-a-problem-for-small-phl-businesses/

Cabegin, E. C. (2023). The Informally Employed in the Philippines: Issues in Job Security of Tenure, Social Security Coverage and Measurement. Philippine Journal of Labor and Industrial Relations , 39. https://journals.upd.edu.ph/index.php/pjlir/article/view/9382/8296

Cuevas, S., Mina, C., Barcenas, M., & Rosario, A. (2009). Informal Employment in Indonesia. https://www.adb.org/sites/default/files/publication/28247/economics-wp156.pdf

Daza, J. (2005). Informal Economy, Undeclared Work and Labour Administration https://www.ilo.org/publications/informal-economy-undeclared-work-and-labour-administration

Department of Trade and Industry. (2022). 2022 MSME STATISTICS. https://www.dti.gov.ph/resources/msme-statistics/

International Labour Organization. (2002). Decent work and the informal economy Sixth item on the agenda International Labour Office Geneva. https://labordoc.ilo.org/permalink/41ILO_INST/8s7mv9/alma993538133402676

International Labour Organization. (2024a). Bridging the gaps: Harnessing the potential of the construction sector in Pakistan for the benefit of Afghan refugees and host communities alike.

International Labour Organization. (2024b). India Employment Report 2024: Youth employment, education and skills. https://www.ilo.org/publications/india-employment-report-2024-youth-employment-education-and-skills

Kongtip, P., Nankongnab, N., Chaikittiporn, C., Laohaudomchok, W., Woskie, S., & Slatin, C. (2015). Informal Workers in Thailand: Occupational Health and Social Security Disparities. https://doi.org/10.1177/1048291115586036

Lu, B. J. (2024). Sari-sari stores important for economic growth. https://www.pna.gov.ph/opinion/pieces/838-sari-sari-stores-important-for-economic-growth

Philippine Statistics Authority. (2024). Labor Force Survey | Philippine Statistics Authority | Republic of the Philippines. https://psa.gov.ph/statistics/labor-force-survey

Siahaan, M. (2024). Indonesia: share of informal employment 2021. Statista. https://www.statista.com/statistics/1336051/indonesia-share-of-informal-employment/

Worldometer. (2024). Philippines Population (2019) - Worldometers. https://www.worldometers.info/world-population/philippines-population/



# Mga Karapatan ng mga Manggagawa sa Digital Platform Economy

Larawan mula sa Mayday Multimedia

Ayon sa pagtataya ng International Labor Organization (ILO), dalawang bilyong tao ang nabubuhay sa impormal na ekonomiya. Mula sa bilang na ito, tinatayang 244 milyon ay mula sa rehiyon ng ASEAN, kabilang ang mga tinatawag na platform workers (Irena, 2022). Ang pag-usbong ng platform economy ay isa sa mga pagbabagong dulot ng digitalisasyon o ang pagpasok ng teknolohiya sa mga aktibidad panlipunan at pang-ekonomiya (World Bank, 2019).

Ang platform economy ay isang malawak na termino na maaaring sumaklaw sa remote work, e-commerce, at gig economy (APEC, 2021). Ang digital platform ay mga serbisyong nagpapadali sa pakikipag-ugnayan sa pagitan ng dalawa o higit pang natatanging ngunit magkakaugnay na hanay ng mga user na nakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng serbisyo sa pamamagitan ng internet (Organization for Economic Co-operation and Development, 2019 as cited by Asian Development Bank, 2021). Isa sa mga mahahalagang bahagi nito ang digital labor platforms, tulad ng mga location-based platforms at online platforms. Ang location-based platforms ay serbisyo na ibinibigay ng mga indibidwal sa isang partikular na lokasyon habang ang online platforms ay mga serbisyo na naibibigay nang malayuan o remote (ILO, n.d.). Kadalasang may tatlong pangunahing katangian ang mga platform na ito: una, ang pagkakaroon ng teknolohiyang namamagitan sa mga gumagamit; pangalawa, ang pagbibigay-daan sa interaksiyon ng mga grupong ito ng users; at pangatlo, ang pagpapaubaya sa kanila na magsagawa ng mga partikular na gawain (Koskinen, Bonina, & Eaton, 2019).

Ayon sa 2021 World Employment and Social Outlook Report, ang Pilipinas ay kabilang sa mga nangungunang supplier ng online labor sa buong mundo. Ayon din sa datos mula sa Nomad List, ang Pilipinas ay isa sa mga bansang may pinakamabilis na paglawak ng sektor ng remote o online na trabaho (EILER, 2024). Bukod sa pandemya, ilan sa mga pangunahing salik na nagtataguyod sa paglago ng platform economy sa Pilipinas and sumusunod: malawak na kawalang-katiyakan sa trabaho, impormal na paggawa, at pagtaas ng digital connectivity. Tinatayang nasa 7.42 milyong Pilipino ang napipilitang magtrabaho ng higit sa isang trabaho upang makadagdag sa kanilang kita, kahit pa walang kasiguraduhan sa kanilang seguridad sa trabaho. (Fairwork, 2022)

Ang platform economy sa Pilipinas ay mabilis na lumago at nagbigay ng trabaho sa libu-libong nawalan ng hanapbuhay dahil sa pandemya. Mula nang pumasok ang Uber noong 2014,

marami nang ibang mga platform ang lumitaw, partikular sa ride-hailing, logistics, at food delivery. Ang lokal na digital labor market na nakabatay sa lokasyon ay lumago nang husto, lalo na sa mga sektor ng car and motorcycle ride-hailing, serbisyo ng mga courier, at food delivery. Noong 2020, umabot sa USD 625 milyon ang kita sa ride-hailing, habang umabot sa USD 1.2 bilyon ang halaga ng mga merchandise sa sektor ng food delivery. Bagamat mga pangunahing pandaigdigang platform gaya ng Grab, Foodpanda, at Lalamove ang nangunguna sa merkado, lumilitaw na rin ang mga lokal na platform gaya ng Angkas, Joyride, TokTok, at GetAll (Fairwork, 2022)

> “*Sa tabing na walang employer-employee relationship (EER), nawawala rin ang kanilang karapatan na makipagkasundo sa sahod at mga kondisyon sa trabaho.*

Samantala, sa larangan ng remote platform work, dumarami ang bilang ng mga freelance na Pilipinong nagtatrabaho bilang software developers, virtual assistants, content moderators, data analysts, at iba pang mga posisyon sa sektor ng outsourcing na nakasalalay sa internet (EILER, 2024) Maraming manggagawa ang pumapasok sa platform economy dahil sa mga pangako ng mas flexible na oras ng trabaho at mas mataas na take-home pay na mas malaki kumpara sa minimum na sahod. Subalit, ang tunay na kalagayan ng mga manggagawa partikular na sa industriya ng digital platforms, ay kadalasang kinatatampukan ng mapagsamantalang kondisyon at kawalan ng kasiguraduhan sa trabaho. Ang mga manggagawang ito, na karaniwang tinatawag na freelancers, independent contractors, o independent partners ng mga kumpanyang kumukuha sa kanila, ay hindi kinikilala bilang mga empleyado sa tradisyonal na konteksto. Dahil dito, hindi nila natatamasa ang mga benepisyo ng mga pormal na manggagawa, tulad ng sapat na proteksyong panlipunan.

Ayon sa isang pag-aaral ng Fairwork noong 2022, walang sapat na ebidensya na tinitiyak ng mga platform company na kikita ang mga manggagawa ng hindi bababa sa pang-araw-araw na minimum na sahod noon na P537 kada araw. Halimbawa, hindi tiyak na maabot ang sahod sa gig work at ang ilang platforms ay walang garantisadong oras o kita. Dagdag pa rito, Maraming manggagawa ang nahihirapang makamit ang minimum na sahod dahil sila mismo ang sumasagot sa mga gastusing nauugnay sa kanilang trabaho at kagamitan. Sa ganitong kalagayan, maaaring sabihin na hindi pa umaabot sa living wage standards o PHP1,215 para sa pamilya ng 5 (IBON, 2024), ang kita ng mga manggagawang platform.

Idinagdag din ng pag-aaral ng Fairwork na may ilang platform na nagpapakita ng pagsisikap sa pagbibigay ng pagsasanay kaugnay sa mga panganib sa trabaho, ngunit kailangan pang pagbutihin ang pagtrato sa mga kontrata at komunikasyon sa mga manggagawa. Mahalaga ring bigyang-pansin ang kakulangan ng probisyon para sa sick pay sakaling magkasakit o maaksidente ang mga manggagawa. Sa usapin ng representasyon, nakita ng pag-aaral na walang ebidensya na sinusuportahan ng mga platform ang karapatan ng mga manggagawa sa pagsasamahan at sama-samang pagpapahayag ng kanilang mga hinaing. Sa tabing na walang employer-employee relationship (EER), nawawala rin ang kanilang karapatan na makipagkasundo sa sahod at mga kondisyon sa trabaho.

Sa pag-aaral ng EILER noong 2021, naitala ang karanasan ng mga manggagawang nasa mga location-based platform tulad ng Transport Network Vehicle Services (TNVS). Marami sa mga manggagawang ito ay mula sa iba’t ibang sektor, tulad ng agrikultura at industriya. Ang ilan sa kanila ay nawalan ng trabaho dahil sa pandemya at napilitang pumasok sa mga ride-hailing at online delivery platforms gaya ng Grab at FoodPanda.

> *Malaki ang hamon para sa mga manggagawa, lalo na sa pinaka-pinagsamantalahan na sektor tulad ng mga manggagawa sa platform economy, na palakasin ang kanilang hanay at mag-organisa upang ipaglaban ang kanilang batayang karapatan.*

Makikita na ang mga manggagawa sa platform work ay nakakaranas ng iba't ibang porma ng pagsasamantala tulad ng kawalan ng kasiguraduhan sa kita, katayuan bilang independent contractor at hindi regular na empleyado, kawalan ng health insurance, kawalan ng bayad para sa oras ng pahinga o bakasyon, kawalan ng retirement plan, matinding panganib sa kalusugan at kaligtasan, at limitado o kawalan ng karapatan para mag-organisa. Habang ginigipit ang mga manggagawa, patuloy na lumalaki ang kita ng mga kumpanya na nagmamay-ari ng mga platform kahit na maliit or wala silang ambag sa produksyon at serbisyo na binibigay ng mga manggagawa.

Ang kawalan ng relasyon sa pagitan ng employer at empleyado (EER) ay nagpapalala sa sitwasyon ng paggawa at naglalagay sa mga manggagawa sa iba pang mga panganib. Panahon na upang kilalanin ng platforms ang kanilang mga independent contractors bilang mga empleyado, at tiyakin ang disenteng trabaho at kita pati na rin ang makataong kondisyon ng trabaho para sa kanila. Ito ay isang paraan upang siguraduhin na ang mga manggagawa ay may access sa kanilang mga batayang karapatan kabilang na dito ang nakabubuhay na sahod, seguridad sa trabaho, ligtas na kondisyon sa trabaho, at karapatan ng bawat isa na bumuo at sumali sa unyon.

Mas lumalala ang kondisyon ng mga manggagawa ng platform economy dahil sa kawalan ng polisiya na nagbibigay ng proteksyon para sa mga manggagawa. Dahil dito, lalo pang pinagsamantalahan ang mga manggagawa upang patuloy na kumuha ng mas malalaki pang tubo ang mga kapitalista. Malaki ang hamon para sa mga manggagawa, lalo na sa pinaka-pinagsamantalahan na sektor tulad ng mga manggagawa sa platform economy, na palakasin ang kanilang hanay at mag-organisa upang ipaglaban ang kanilang batayang karapatan.

**Sanggunian**


Asia-Pacific Economic Cooperation (APEC). (2021) Guidelines on Providing Social Protection to Digital Platform Workers.

Ecumenical Institute for Labor Education and Research (EILER). (2024). Kalagayan ng Paggawa.

Ecumenical Institute for Labor Education and Research (EILER). (2024). Exploring Grab's Operations in Southeast Asia: Cases of Indonesia, the Philippines, Singapore, and Thailand.

Fairwork. (2022). TOWARDS FAIR LABOR CONDITIONS IN THE PHILIPPINE PLATFORM ECONOMY Philippines Ratings 2022.

International Labour Organization. (n.d). Digital Labour Platforms. https://www.ilo.org/digital-labour-platforms#intro

Irena, M., (2022). Informal workers: Why their inclusion and protection are crucial to the future of work. The ASEAN Magazine. https://theaseanmagazine.asean.org/article/informal-workers-why-their-inclusion-and-protection-are-crucial-to-the-future-of-work/

Koskinen, K., C. Bonina, and B. Eaton. 2019. Digital Platforms in the Global South: Foundations and Research Agenda. In P. Nielsen and H. Kimaro, eds. Information and Communication Technologies for Development: Strengthening Southern-Driven Cooperation as a Catalyst for ICT4D. ICT4D 2019. IFIP Advances in Information and Communication Technology 551. New York: Springer. (as cited in Making digital Platforms Work for asia and the Pacific)

World Bank. 2019. World Development Report 2019: The Changing Nature of Work. Washington, DC: World Bank. doi:10.1596/978-1-4648-1328-3. License: Creative Commons Attribution CC BY 3.0 IGO. http://documents.worldbank.org/curated/en/816281518818814423/pdf/2019-WDR-Report.pdf

# Care work: mukha ng masalimuot na kalagayan ng kababaihan sa impormal na sektor

Ayon sa International Labour Organization (ILO, n.d.), ang care work ay gawaing direkta o di-direktang pangangalaga na maaring bayad o di-bayad. Kalakhan sa mga gumagampan ng gawaing ito ang nakapaloob sa impormal na kaayusan ng paggawa na kinatatangian ng mababang pasahod o di-bayad na paggawa, kawalang access sa mga panlipunang proteksyon, at pang-aabusong sekswal at pisikal. Sa kalagayang 3 sa bawat 4 na care workers sa mundo ang babae, matingkad na manipestasyon ang sektor na ito nang nagpapatuloy na di-pantay at nasa disbentaheng kalagayan ng kababaihan sa mundo ng paggawa.

**16.4 bilyon na oras**

*ang ginugugol sa hindi bayad na care work araw-araw (ILO, 2018).*

**$10 trilyon**

*taun-taon ang halaga ng hindi bayad na care work sa buong mundo (Mckinsey Global Institute, 2019).*

**76%**

*sa 76 milyong kasambahay sa buong mundo ang babae (Women in Informal Employment: Globalizing and Organizing).*

**3/4**

*ng hindi bayad na care work ay mula sa paggawa ng mga kababaihan at kabataang babae (Oxfam International).*

**81%**

*ng mga kasambahay ay nagtatrabaho ng impormal at walang epektibong access sa panlipunang proteksyon sa paggawa (Women in Informal Employment: Globalizing and Organizing).*

**₱2 trilyon**

*ang halaga ng hindi bayad na care work ng mga kababaihang Pilipino (Philippine Institute for Development Studies, 2019).*

**₱3.5k – 6k**

*buwanang minimum na sahod ng kasambahay sa Pilipinas. Malayo ito sa family living wage na PHP 26,730 kada buwan (Ibon Foundation, 2024)*

*Mga Sanggunian:*

*Cortez, G. (2019, April 2). Women's unpaid housework reckoned at 20% of PHL GDP. Philippine Institute for Development Studies. Retrieved: https://www.pids.gov.ph/details/women-s-unpaid-housework-reckoned-at-20-of-phl-gdp.*

*Ibon Foundation. (2024, November 5). Minimum Wage and Family Living Wage Per Region, as of October 2024. Retrieved: https://www.ibon.org/regl-flw-10-2024/.*

*International Labor Organization. (2018, June 27). ILO: Women do 4 times more unpaid care work than men in Asia and the Pacific. Retrieved: https://www.ilo.org/resource/news/ilo-women-do-4-times-more-unpaid-care-work-men-asia-and-pacific*

*—. (n.d.). Care work and care jobs for the future of decent work. Retrieved: https://www.ilo.org/sites/default/files/wcmsp5/groups/public/@dgreports/@dcomm/@publ/documents/publication/wcms_633166.pdf*

*Mckinsey Global Institute. (2019). The future of women at work: Transition in the age of automation.Retrieved: https://www.mckinsey.com/featured-insights/gender-equality/the-future-of-women-at-work-transitions-in-the-age-of-automation*

*OXFAM International (n.d.). Not all gaps are created equal: the true value of care work. https://www.oxfam.org/en/not-all-gaps-are-created-equal-true-value-care-work*

*Women in Informal Employment: Globalizing and Organizing. (n.d.). Domestic Workers. https://www.wiego.org/informal-economy/occupational-groups/domestic-workers*

Ang **DATOS** sa mga pagkilos ng mga manggagawa ay tulong babasahin na inilalathala ng Ecumenical Institute for Labor Education and Research (EILER) mula sa mga donasyon at suporta ng mga manggagawa at unyon.

*"Sapagkat ang lalamanin lamang nito ay mga datos hinggil sa pakikipaglaban ng mga manggagawa - mula welga hanggang simpleng pagkilos - agad na makakakita ang kaibahan nito sa ibang babasahin... magsisilbi ang datos na ito para sa tuloy-tuloy na pagmumulat sa mga manggagawa."*

- July 1981 unang isyu.

Mangyaring ipasa o ibahagi sa kapwa manggagawa pagkatapos basahin.